May mga organisasyong handang tumulong sa inyo sa panahong kayo ay magkaroon ng problema. Matatagpuan ninyo ang kanilang lugar sa ibaba.

Mga adres sa Holland,
kung saan pwede kayong humingi ng tulong:

Foundation of Religious
Against Trafficking in Women
Sint Janssingel 92
NL 5211 DA Den Bosch
The Netherlands (Holland)
Tel: (+31) 73 – 615 44 44
Fax: (+31) 73 – 615 44 49
E-mail: srtv@srtv.info
Website: www.srtv.info
Bankgiro: 420557 t.n.v. SRTV
KvK 34156001

Mga adres sa Alemanya,
kung saan pwede kayong humingi ng tulong :

Solwodi (Solidarity with Women in Distress)
Probstei-Strasse 2
D-54154 Boppard Hirzenach,
Germany
Tel.+49-67 41 22 32 Fax: +49-67412310
E-mail: solwodi@t-oneline.de
www.solwodi.de

EUROPA ISANG PARAISO ?

TOTOO BA ANG MGA KUWENTONG ITO ?

Dutch Foundation Of Religious against Trafficking in Women

Tagalog

May nangako ba sa inyo na

MAGPUNTA SA EUROPA PARA SA MAAYOS NA BUHAY ?

BABALA SA MGA KABABAIHAN !



Ang babasahing ito ay inilaan sa mga kababaihan sa mahihirap na bansa upang ipaliwanag sa kanila ang posibleng kapahamakan sa kung ano ang maaari nilang sapitin kung sila ay papasok at mangdadayuhan sa Hilaga at Kanlurang bansang Europa.

ALAM BA NINYO ....

Maria

Walang makitang trabaho si Maria para mutulungan ang kanyang anak at magulang. Ang kanyang kinabukasan ay hindi niya matiyak. Ang lagi niyang nakikita ay ang kanilang kahirapan. Tinanggap at pumirma siya ng kontrata sa isang ahensya na nangakong bibigyan siya ng trabaho bilang pangkulturang mananayaw sa Europa. Pero sa pagsapit nito sa naturang bansa, ang kanyang pangarap ay naging abo. Ang nasabing trabaho ay hindi pala totoo, kaya napilitan siyang pumasok sa panggabing aliwan.

Theresa

Si Theresa ay nakipagsulatan sa paghahangad na makatagpo ng isang mayamang dayuhan. Tulad ng kanyang inaasahan, inimbita siya nito na pumunta sa Alemanya. Subali't sa pagsapit niya sa nasabing bansa, iba ito sa kanyang inaasahan. Ang nasabing dapat maging asawa ay matanda na, lasenggero at nambubugbog pa

Lita

Isang turistang Belgian ang nangako sa kanya ng trabaho bilang sekretarya sa isang Hotel. Subali't sa pagsapit niya dito, kinuha nito ang kanyang pasaporte at pwersahan siyang ipinasok sa prostitusyon

Maraming kababaihan ang may pangarap tulad ninyo.
Hindi mabilang na kababaihan ang maaaring magkuwento sa inyo ng kahalintulad mga istoryang ito.

MAGTANONG NG MGA IMPORMASYON AT TULONG SA TAONG NAGBIGAY SA INYO NG BABASAHING ITO!

BAKIT MAY BABALA ?

Sa Hilaga at Kanlurang bansang Europa, maraming kababaihan ang naging biktima na nagmula sa iba't-ibang bansa.

Ang mga ito ay pinangakuan ng
- Magandang trabaho
- Mataas na sahod
- Maayos na kasal
- At marami pang iba.

Naniwala sila na sa maigsing panahon ay kikita sila ng maraming pera at para sa pagbabalik nila sa sariling mga bansa ay matutulungan na nila ang mahihirap nilang pamilya.

NGUNI'T ANO BA ANG KATOTOHANAN ?

1. Marami ang walang trabaho sa Europa, kaya mahirap din para sa inyo ang makakuha ng maayos na trabaho.

2. Kailangang may maayos kayong mga papeles na magbibigay sa inyo ng kapahintulutan na makapagtrabaho, lugar na inyong pupuntahan, at pahintulot na makapasok sa ibang bansa.

3. Marami sa mga kababaihan ang hindi rin sapat ang sahod; kaya sa prostitusyon din ang kanilang bagsak sa dakong huli.

4. Ang magagandang pangako'y karaniwang hindi totoo at hindi dapat paniwalaan. Kaya, mag - ingat!

TIYAKIN NA ANG INYONG MGA PAPELES AY SAPAT AT TOTOO WASTO

KUNG DETERMINADO PA RIN KAYONG TUMULOY ...

1. Tiyakin na alam ninyo ang mga pangalan at lugar ng mga taong sa inyo ay nagrekluta. Alamin kung ito ay may lisensya at ligal para mangalap ng manggagawa sa ibayong dagat.

2. Kontakin ang Embahada sa nasabing bansa na kung saan kayo pupunta. Alamin kung ang inyong tagapangasiwa (employer) ay totoo at kung ito ay mapagkakatiwalaan.

3. Makipag-ugnayan sa mga grupo at institusyon sa inyong lugar na ang gawain ay may kaugnayan sa mga manggagawa sa ibayong dagat. Kakailanganin ninyo ito sa inyong pagbabalik.

4. Ipaalam sa inyong pamilya at mga kaibigan ang araw ng inyong pag-alis, lugar na inyong pupuntahan, pangalan ng inyong grupo o taong inyong kasama sa pag-alis at mag-iwan din kayo sa kanila ng pinakabago ninyong larawan.

SA INYO ANG INYONG PASAPORTE!

5. Lumapit at kumuha ng abogado kung sakaling magkaroon kayo ng problema. Karapatan ninyo ito.

6. Pumunta sa pulisya - kahit wala kayong pasaporte. Sa Hilaga at Kanlurang bansang Europa, ang pulisya ay naghahangad rin na masugpo ang bawal na pangangalakal ng kababaihan. Tutulungan nila kayo.

HUWAG IBIGAY KAHIT KANINO ANG INYONG PASAPORTE !